

Public education
Discover a world of opportunities

MGA BILANG: PAG-AARAL SA TAHANAN

MGA IDEYA UKOL SA GAWAING NAUUKOL SA BILANG PARA SA TAHANAN

Magbasa kayo na magkasama

Ang mga aklat ay isang madali at nakakalibang na paraan upang dalhin ang matematika sa inyong tahanan. Habang kayo ay nagbabasa, dadagan ang kasayahan sa pamamagitan ng pagtanong ng mga tanong gaya ng: *Sino ang pangalawang taong dumating? Ilang mga tao ang may buhok na kulay kape (brown)? Sino ang pinakamataas na tao sa litrato? at Nasaang pahina tayo?* Bilangin ninyo ang mga pahina habang binubuklat ninyo ang mga ito.

Pagkain at pagluto

Sabihin ninyo sa inyong ma anak na tumulong magsukat ng mga sangkap na gamit ang mga kutsarita, mga kutsara, mga sangkapat na tasa, mga kalahating tasa at mga tasa. Patingnan ninyo sa inyong mga anak ang mga oras ng pagluto o ilagay sa oras ang 'timer' ng hurno.

Tulungan ninyo silang basahin ang pananghaliang tala-ulaman (menu) ng paaralan at ang halaga ng mga iba-ibang putahe. Hayaan ninyo silang bilangin ang kakailanganing pera.

Tulungan ninyo ang inyong mga anak na mag-isip kung paano maibabahagi nang pare-pareho ang mga pagkain at mga inumin, halimbawa maghati kayo sa dalawa ng mga sanwits o prutas at sabihin ninyo: *Hinati ko ito sa dalawang magkasinlaking piraso – kalahati para sa iyo at kalahati para sa akin.* Magkasama kayong maghanda ng mga pagkain at magtanong ng mga tanong gaya ng:

- *Ilang mga plato at mga tasa ang kailangan natin?*
- *Mayroon akong tatlong tenedor, ilan pa ang kailangan natin?*
- *Lahat ay may gustong magkaroon ng tig-dadalawang tsoriso, mayroon ba tayong sapat?*

Mag-usap kayo tungkol sa oras

Tulungan ninyo ang inyong mga anak na bumasa ng 'analogue' at 'digital' na relos. Mag-usap kayo tungkol sa oras Halimbawa: *Anong oras nagsisimula ang inyong paboritong palabas sa telebisyon? at Gaano katagal ang programang iyon?* Isulat ninyo ang mga araw at oras ng isport sa kalendaryo. Mag-usap kayo tungkol sa mga araw ng linggo, mga buwan ng taon at mga panahon. Iugnay ninyo ang mga pangyayari sa mga araw ng linggo, halimbawa: *Sa Lunes pupunta tayo sa sayawan at Sa Miyerkoles mayroon kayong pagsasanay ng 'hockey'.*

Isport

Ang isport ay isang paksa kung saan nabibilang ang matematika at ito ay madaling pag-usapan. Magtanong kayo ng mga tanong gaya ng: *Ilang puntos ang tatlong gol? Sa gaano karaming puntos nanalo ang koponan? Aling manlalaro ang nakatama ng pinakamaraming pagtakbo? at Paano ninyong nalaman kung aling mananakbo ang may pinakamabilis na panahon?*

Maaari ninyong:

- tawagin ang kanilang pansin sa iskor at sa mga panahon na pinapakita sa talaan ng mga puntos
- pag-usapan ang gamit ng mga talaan ng mga puntos at kung paano maaaring bilangin ang mga puntos.



Department of
Education

Makakakita kayo nang higit pa na mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pantahanang pag-aaral sa education.wa.edu.au.